Allāhumma bika aṣbaḥnā, wa-bika amsaynā, wa-bika naḥyā, wa-bika namūt, wa-ilayka -nnushūr

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): Siya noon ay nagsasabi kapag inumaga siya: "Allāhumma bika aṣbaḥnā, wa-bika amsaynā, wa-bika naḥyā, wa-bika namūt, wa-ilayka -nnushūr. (O Allāh, sa pamamagitan Mo ay inumaga kami, sa pamamagitan Mo ay ginabi kami, sa pamamagitan Mo ay nabubuhay kami, sa pamamagitan Mo ay mamamatay kami, at tungo sa Iyo ang pagkabuhay.)" Kapag ginabi siya, nagsasabi siya: "[Allāhumma] bika amsaynā, wa-bika aṣbaḥnā, wa-bika naḥyā, wa-bika namūt, wa-ilayka -nnushūr. ([O Allāh,] sa pamamagitan Mo ay ginabi kami, sa pamamagitan Mo ay inumaga kami, sa pamamagitan Mo ay nabubuhay kami, sa pamamagitan Mo ay mamamatay kami, at tungo sa Iyo ang pagkabuhay.)" Nagsabi naman siya sa ibang pagkakataon: "... wa-ilayka -lmaṣīr (... at tungo sa Iyo ang kahahantungan.)"}

[Maganda] [Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud, Imām At-Tirmidhīy, Imām An-Nasā'īy sa Al-Kubrā, at Imām Ibnu Mājah]

Ang Propeta noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), kapag dumating sa kanya ang umaga na simula ng maghapon kasabay ng pagsapit ng madaling-araw, ay nagsasabi: "Allāhumma bika aṣbaḥnā (O Allāh, sa pamamagitan Mo ay inumaga kami)" habang mga nagtatamasa ng pag-iingat Mo, na mga nakalubog sa biyaya Mo, na mga nagpapakaabala sa pag-alaala sa Iyo, na mga nagpapatulong sa pamamagitan ng ngalan Mo, na mga nasasaklawan ng pagtutuon Mo, na mga kumikilos sa pamamagitan ng pagpapagalaw Mo at lakas Mo. "[Allāhumma,] bika amsaynā, wa-bika naḥyā, wa-bika namūt ([O Allāh,] sa pamamagitan Mo ay ginabi kami, sa pamamagitan Mo ay nabubuhay kami, sa pamamagitan Mo ay mamamatay kami)" Ibig sabihin: Gaya ng naunang pananalita kasabay ng paglagay rito sa gabi kaya magsasabi: "O Allāh, sa pamamagitan Mo ay ginabi kami sa pamamagitan ng pangalan Mong tagapagbigay-buhay nabubuhay kami; at sa pamamagitan ng pangalan Mong tagapagbigay-kamatayan namamatay kami. "wa-ilayka -nnushūr (at tungo sa Iyo ang pagkabuhay)." Ang pagbubuhay ay matapos ng kamatayan at ang pagkakahiwa-hiwalay ay matapos ng pagkatipon. Nagpapatuloy ang kalagayan natin dito sa lahat ng mga oras at nalalabi sa mga kalagayan. Hindi ako nakakakalas buhat dito at hindi ako nakaiiwan nito. Kapag pumasok sa kanya ang gabi matapos ng hapon, nagsasabi siya: "Allāhumma bika amsaynā, wa-bika aṣbaḥnā, wa-bika naḥyā, wa-bika namūt, wa-ilayka -lmaṣīr. (O Allāh, sa pamamagitan Mo ay ginabi kami, sa pamamagitan Mo ay inumaga kami, sa pamamagitan Mo ay nabubuhay kami, sa pamamagitan Mo ay mamamatay kami, at tungo sa Iyo ang kahahantungan:)" ang balikan sa Mundo at ang uwian sa Kabilang-buhay sapagkat Ikaw ay nagbibigay-buhay sa akin at Ikaw ay nagbibigay-kamatayan sa akin.